# Rice Caravan ng DA at ni Joy B sa QC, umarangkada

Muling umarangkada sa Quezon City ang Rice Caravan ni Vice Mayor Joy Belmonte at ng Department of Agriculture (DA) at National Food Authority (NFA) para makarating sa mga taga-lungsod ang mas murang bigas para sa pamilya.

Ayon kay Belmonte patuloy ang ugnayan ng kanyang tanggapan at ng NFA upang magkaroon ng abot kayang bigas ang mahihirap na taga lungsod at mabawasan ang malaking gastusin ng pamilya dahil sa mataas na halaga ng pangunahing bilihin.

"Hangad nating makapagtinda ng murang bigas para sa mas mahihirap nating mga kababayan. Hangad nating maging abot-kaya ang bigas para sa pamilya nila," pahayag ni Belmonte sa pinangunahang rice caravan kahapon.

May 100 sako ng bigas para sa mahihirap na residente ng Brgy. San Agustin sa Distrito 5 ang naging benepisyaryo ng caravan kahapon at ang bawat benepisyaryo ay maaaring bumili ng 5 hanggang sa 10 kilo ng bigas. Ang bawat kilo ng bigas ay nagkakahalaga lamang ng P27.

"Ang unang layunin dito ay mapalapit sa tao ang NFA rice. Kung sa palengke sila bibili, mahaba na ang pila, at the same time, tatlong kilo lang kada tao ang pwede ibigay ng NFA distributor," dagdag ni Belmonte. *(Angie dela Cruz)*